# BATINGAW

DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 9, BLG. 3 DAET, CAMARINES NORTE SETYEMBRE, 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com



Jesus 'Atoy' Typoco, Jr.
Gobernador

## Vinzons day ipinagdiwang dito

Ipinalabas kamakailan ng tanggapan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2009-17 kaugnay sa pagdiriwang sa Setyembre 28, 2009 ng buong lalawigan ng Camarines Norte sa ika-

*(Sundan sa pahina 3)*

# Justice on Wheels nagtungo sa CNorte, 6 na bilanggo pinalaya

Ang *Justice on Wheels (JoW)* ay inilunsad ng Korte Suprema noong 2004 ay isang proyektong naglalayong isulong ang mga repormang isinasagawa nila upang mapabilis ang paggulong ng hustisya sa ating bansa. Ito ay itinaguyod at sinuportahan ng *World Bank (WB)* na binubuo ng apat na bahagi: *1) pilot model courts; 2) e-library 3) caseflow management system;* at *4) mobile courts or justice on wheels.*

Ang nasabing proyekto ay hango sa sistema ng hustisya sa bansang Guatemala kung saan marami sa kanilang mga korte ay inilalapit sa mga mamamayan at nagbibigay ng mabilis na pagdinig at libreng serbisyong legal. Itinataguyod din nito ang konsilyasyon, medyesyon at adyudikasyon na siyang magsusulong sa reporma sa sistema ng hustisya, mabilisan at tuluy-tuloy upang bawasan ang bilang ng mga presong nakakulong.

Ang unang pinagtutuunan din ng pansin ng programang ito ay ang mga kabataang lumabag sa batas at mga presong ang pagkakakulong ay lampas na sa parusang maaaring ipataw sa nagawa nilang kasalanan.

Matapos itong aprobahan noong Mayo 2004 batay sa ginawang pag-aaral at ulat ni Associate Justice Adolfo Ascuna, at nagkaroon ng sasakyan noong Disyembre 20, 2004 ay nagsimulang magtrabaho ang JoW. Ang programa ay naging halimbawa ng tunay at makabuluhang reporma sa sistema ng hustisya sa bansa at pinarangalan noong Nobyembre 2005 sa *Shangrila Hotel*, Mandaluyong, Metro Manila.

Ang bawa't sasakyan ay binubuo ng isang huwes, *clerk of court, fiscal, public attorney, stenographer, docket clerk, process server, driver* at *security guard*. Ang sasakyan ay may dala-

***(Sundan sa pahina 9)***











***Ang Justice on Wheels project na pinangunahan ni Chief Justice Reynato S. Puno na bumisita rito sa lalawigan upang magsagawa ng information caravan. Bumisita rin ang grupo nito sa provincial jail dito upang alamin ang kalagayan ng mga detenido rito. Naisakatuparan ang pagbisita rito ng JOW sa pamamagitan ng IBP CN Chapter sa pakikipagtulungan ng pamunuan ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamumuno ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.***

nasa loob

EDITORYAL 4
PIKTORYAL 7

Salamat Gob HELP column p 2

# Issues/Problems, Goals and Objectives/Target Setting Workshop isinagawa ng pamahalaang panlalawigan



**Arch. Madonna A. Abular**
**PPDO Chief**

Isang *wokshop* ang inilunsad ng Pamahalaang *Panlalawigan* ng Camarines Norte ukol sa sulira-ning hinaharap ng probinsya at ang mga layunin at pamamaraan upang malutas ito. Ang *workshop* ay ginanap sa *Golden Palace Restaurant*, Daet, Camarines Norte noong ika-16 ng Setyembre 2009. Kabilang sa mga suliraning inilatag ay ang *spill-over* ng *settlements* sa urban areas, mababang produksyon ng lupa, kakulangan ng mga trabaho mula sa *industry* at *service sectors, encroachment, unregulated* na pagmimina, pagkakaroon ng *environmental hazards* tulad ng pagbaha, pagguho ng lupa at mga *fault lines*, gayundin ang kakulangan sa mga imprastraktura na mahalaga sa pagtamo ng kaunlaran.

Binigyang-pansin dito ang mga *implementing mechanisms* na kinapapalooban ng *Comprehensive Land Use Plan (CLUP)* at *Comprehensive Development Plan (CDP)*. Tinalakay rin ang mga *implementation instruments* tulad ng *Provincial Development Investment Program (PDIP)* at mga *regulatory measures* na ipatutupad.

Tinalakay rin dito ang *outcome* ng *implementing mechanisms* kabilang na ang pagbabago sa *social* at *economic well-being*

*(Sundan sa pahina 3)*

*Ang mga kawani ng National Government Agencies, Local Government Units at Private Sector habang nakikinig sa pagpapaliwanag ukol sa gagawing work-*



## Salamat Gob HELP column

## Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

| | | |
|---|---|---|
| Sept. 1 | ♦ Arturo Bermas, President of Mantagbac Riders' Club for the purchase of 23 pcs. uniform | P2,000.00 |
| | ♦ Enrico A. Ramos, Coach of Bud Brothers Team of Basud for basketball tournament | 500.00 |
| | ♦ Edgar Villafuerte of Pinya Slashers Team of Labo for basketball tournament | 500.00 |
| 4 | ♦ Dante Panotes of the Pentecostal Missionary Church of Christ (4th Watch) for a fellowship at Naga City | 1,000.00 |
| | ♦ Gilbert B. Paunil, SK Co-Chairman, Committee on Sports Youth & Development of Poblacion 2, Basud for a basketball tournament | 500.00 |
| 8 | ♦ Digna Sarmiento of Daet for her fare to Sorsogon regarding the notice of the Civil Registrar of Matnog, Sorsogon | 1,000.00 |
| | ♦ Rosemarie dela Torre of D'Pupils Dancer of Barangay IV, Mercedes for a dance competition | 1,000.00 |
| | ♦ Arnel Ocan, Barangay Kagawad of Brgy. Mambalite, Daet for their An-itan Festival 2009 (Sponsorship Package) | 5,000.00 |
| | ♦ Yolanda M. Lim of the Office of the Mayor of the Municipality of Jose Panganiban for their Mambulawan Festival Activity (Variety Show) | 1,000.00 |
| | ♦ Eduardo E. Jarqui, DLC Coordinator of Vinzons Pilot High School Drum and Lyre Corps for uniforms and repair of unused musical instruments | 3,000.00 |
| | ♦ Andres "Kade" Mago of Brgy. Anahaw, Labo for the tuition fee of his child | 2,000.00 |
| | ♦ Ma. Consuelo Dasco for the tuition fee of Wilma Jewan D. Elep of CNSC | 1,500.00 |
| 14 | ♦ Jessica Clerico of Brgy. Poblacion I, Basud for her son Jayrald who has congenital heart disease | 1,000.00 |
| | ♦ Lizel B. Magnaye, LTC participant of the Phil. Campus Crusade for Christ-Bicol for their Annual Leadership Training at Malilipot, Albay | 1,275.00 |
| | ♦ Perla M. Balane, President of La Baile Ocho of Brgy. VIII, Daet, for a Ballroom Dancing Competition | 3,500.00 |
| 16 | ♦ Ramon Placido, Municipal Budget Officer and Chairperson, Committee on Mountain Bike Cycling Competition 2009 of SLR for their Buyoboy Festival Activity | 2,000.00 |
| 17 | ♦ Marichu Avila, Marketing Director of D'Bridge News for Sponsorship | 5,000.00 |
| 18 | ♦ Katherine V. Estiller, President, Supreme Student Council of AMA Computer Learning Center for their Intramurals Activity | 1,000.00 |
| | ♦ Ciara D. Pajarillo, student of College of Arts and Science of CNSC (Public Speaking and Debate Society) for a Debate Competition at CNSC Social Hall | 1,000.00 |
| | ♦ Sonny Naing auditor of College of Arts and Sciences of CNSC (Public Speaking and Debate Society) for a debate Competition at CNSC Social Hall | 900.00 |
| 22 | ♦ Ildefonso A. Diezmo of Purok 2 Brgy. Poblacion, Capalonga for the celebration of Nuestra Señora de Peñafrancia | 2,000.00 |
| | ♦ Rutilio M. Pineda, Brgy. Kagawad and Chairman, Committee on Amateur Boxing for a boxing tournament in their barangay in connection with the Feast of the Virgin of Peñafrancia | 2,000.00 |
| | ♦ Job B. Imperial, Dean of the College of Arts and Sciences of CNSC for 1 Meal for the Evaluation relative to the preparation for accreditation of their 3 curricular programs | 2,000.00 |
| | ♦ Christian Paul Ibana of Our Lady of Lourdes College Foundation, College of Business Administration for the celebration of their Business Administration Week | 1,000.00 |
| | ♦ Ariel Molina of EZEKIEL team of Basud, Camarines Norte for a basketball tournament | 500.00 |
| | ♦ Estelita Arce, President of Barangay Pastoral Council of Fatima Chapel, Barangay Lag-on, Daet for the Construction of Belfry Tower and purchase of a new church bell | 2,000.00 |
| | ♦ Beth Inocalla of the Office of the Mayor of Paracale for the PAMEA activities in connection with the CSC Month Celebration | 1,000.00 |
| 24 | ♦ Irene A. Jamito, Chairman, Committee on Planning of Daet Elementary School for the STEP Skills Competition 2009 | 2,000.00 |
| 30 | ♦ Bonifacio "Bennie" Prescilla of DZSL for the coverage of the Peñafrancia Festivities | 5,000.00 |
| | ♦ Eroll J. Zaño of the 503rd PPMG of Camarines Norte Police Provincial Office for the 1st CN PNP Provincial Director's Cup (IDPA Sanctioned Match) | 2,000.00 |
| | **Total** | **P 90,235.00** |

*Lathalain*

# BINTAO: *Dakilang Bayani ng Bikolandia*



Si Wenceslao Q. Vinzons ay ipinanganak sa bayan ng Indan, Camarines Norte noong Setyembre 28, 1910. Ang kanyang mga magulang ay sina Gabino Vinzons at Engracia Quinito.

Nagtapos siya bilang balediktoryan sa lokal na hayskul, at nagtungo sa Maynila para mag-aral ng kolehiyo sa *University of the Philippines (UP)*.

Habang nasa unibersidad, siya ay naging sikat na lider ng mga estudyante. Naging miyembro siya ng *Upsilon Sigma Phi* at nahalal din bilang pangulo ng lupon ng mga estudyante. Siya rin ay naging punong patnugot ng *Philippine Collegian* ng *UP*.

Mas nakilala ang kanyang husay sa pagtatalumpati nang ibigay niya ang isang talumpati na may pamagat na "*Malaysia Irrendenta*", kung saan hinimok niya na magkaisa ang mga bansa sa Timog Silangang Asya na may *common Malay origin*. Dahil dito, ginawaran siya ng Manuel L. Quezon *gold medal for excellence*.

Nagtapos siya ng kursong abugasya mula sa *UP College of Law* noong 1932 kung saan pumangatlo siya sa *bar examinations* na isinagawa sa kasunod na taon.

Pagkatapos nito, kasama si Arturo Tolentino, itinatag nila ang partidong tinawag na *Young Philippines Party* na isinulong ang kalayaan ng Pilipinas mula sa pamumuno ng mga Amerikano. Nang maipasa noong 1934 ang Batas *Tydings-McDuffie*, kumandidato siya at nahalal bilang delegado ng Camarines Norte sa 1935 *Constitutional Convention* na naatasang bumuo ng bagong konstitusyon.

Bilang miyembro, mahalaga ang naging papel niya sa pagtakda sa Tagalog bilang opisyal na wika ng bansa. Sa edad na 24 taon, si Bintao ang pinakabatang lumagda sa 1935 *Constitution*.

Kasunod nito, Ipinagpatuloy ni Vinzons ang kanyang buhay-pulitika noong 1940 nang mahalal siya bilang gobernador ng Camarines Norte. Sa kasunod na taon, matagumpay siyang nahalal bilang kinatawan ng nag-iisang distrito ng Camarines Norte sa *National Assembly*. Naputol ang kanyang panunungkulan sa lehislatura kasunod ng pananakop ng mga Hapones sa Pilipinas noong Disyembre 1941. Bunsod nito, sinimulan ni Bintao ang pag-organisa ng armadong grupo sa Bikol laban sa mga Hapones na dumating sa rehiyon noong Disyembre 12, 1941. Kinumander niya ang lahat ng bodega ng bigas sa Camarines Norte at kinumpiska ang mga paputok na gamit sa mga minahan ng ginto para gamitin sa pwersang Hapones. Noong Disyembre 18, 1941, pinamunuan niya ang paglusob sa mga sundalong Hapones sa Basud, Camarines Norte. Ang pwersang gerilya niya ay umabot sa 2,800 myembro, at noong May 1942, napatay ng tropa ni Vinzons ang tinatayang may 3,000 sundalong Hapones gamit ang mga panang may lason maliban sa iba pa. Dahil dito, ang paghuli kay Bintao ang naging pangunahing adhikain ng pwersang Hapones.

Sa tulong ng isang dating gerilya na naging impormante, si Vinzons ay nadakip ng *Japanese military* noong Hulyo 8, 1942 habang kasama ang amang si Gabino. Dahil sa pagtanggi niya na magbigay ng pangako ng katapatan sa mga Hapones, dinala siya sa garison sa bayan ng Daet. Noong Hulyo 15, 1942, dito siya binayoneta hanggang mamatay matapos ang muli niyang pagtanggi na makipagtulungan sa pwersang Hapones. Matapos ito, ang kanyang ama, asawa, kapatid at dalawang anak ay pinatay rin ng mga Hapones.

Bilang pagkilala sa kagitingan at kabayanihan ni 'Bintao', ang bayan ng Indan ay pinangalanang Vinzons hango sa kanyang apelyido. Kinilala rin ng pamahalaang nasyonal ang kadakilaan ng tinaguriang "Dakilang Bayani ng Bikolandia". Kaya sa bisa ng ***Republic Act No. 6720***, ang ika-28 ng Setyembre ng bawa't taon ay idineklara bilang pista opisyal sa Lalawigan ng Camarines Norte kung saan taun-taong ginugunita ang anibersaryo ng kanyang kapanganakan. Isang monumento naman ni 'Bintao' ang itinayo ng pamahalaang panlalawigan sa Kalayaan Park ng Kapitolyo Probinsyal bilang pagpupugay sa naturang bayani. ***LT IBASCO***

# Issues...

**(Mula sa pahina 2)**

ng mga mamamayan, pagpapabuti sa kalidad at pisikal na kalagayan ng kalikasan at ang pagbabago sa kakayahan ng mga *local institutions*. Kaugnay nito, nagbigay naman ng kaukulang *lecture* si *Arch.* Madonna A. Abular, *Provincial Planning and Development Coordinator* ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)*.

Sinundan ito ng paglalahad ng mga suliranin ng iba't-ibang sektor na pinangunahan ng mga kinauukulang *facilitators* at *sector heads*.

Ang ilan sa mga naging tagapagsalita ay sina Thelma Bardon para sa *Social Development Sector*; Francia C. Pajares ng *Economic Development Sector;* Engr. Leopoldo P. Badiola ng *Environment and Natural Resources Sector*; *Assistant PPDC* Elena B. Austria ng *Infrastructure Development Sector;* at Melody Relucio para sa *Institutional Sector*. ***(MARILYN P. ASIS)***

# Vinzons Day...

**(Mula sa pahina 1)**

99 taong anibersaryo ng kapanganakan ng bayani at martir na si Gat Wenceslao 'Bintao' Q. Vinzons, Sr.

Kaugnay nito, isinagawa ng pamahalaang panlalawigan ang *flag-raising ceremony* sa *Provincial Capitol Grounds* sa naturang petsa sa ganap na ika-8 ng umaga. Sinundan ito ng pag-aalay ng bulaklak sa monumento ni 'Bintao' sa Kalayaan Park ng Kapitolyo Probinsyal na pinangunahan ng mga opisyal ng lalawigan at hepe ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan at ilang tanggapang nasyonal dito.

Una rito, isinahimpapawid sa ilang istasyon ng radyo sa lalawigan simula Setyembre 22-28, 2009 ang ilang pinakamahahalagang pangyayari sa buhay ni Gat Vinzons. Ito ay bilang pagpupugay at pagkilala sa kanyang naging mahalagang papel sa paglaban sa pwersang Hapones na sumakop sa Rehyong Bikol sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdigan.

Ipinakita ni 'Bintao' ang kanyang likas na katapangan nang itatag at pamunuan niya ang gerilyang grupo para ipaglaban ang ating kalayaan. Hindi siya nag-atubiling gawin ito sapagka't malaki ang kanyang tiwala at pag-asa sa kabutihan ng kanyang mga kababayan

Bilang karagdagan, nagkaroon din ng *essay writing contest (English)* noong Setyembre 29, 2009 sa *Camarines Norte Provincial Library* na nilahukan ng mga mag-aaral mula sa mga pampubliko at pribadong kolehiyo sa lalawigan. Isinagawa rin sa katulad na araw ang *charcoal painting contest* na sinalihan ng mga indibidwal na may edad 15-24 taon na residente ng Camarines Norte. para sa lahat na indibidwal na nais sumali. Ginanap naman noong Setyembre 30 ang *oratorical contest* para sa mga mag-aaral sa pampubliko at pribadong hayskul na nakasentro sa temang *"Wenceslao Q. Vinzons: symbol of Ethical Leadership"*. ***LT IBASCO***



***Ang Gat Wenceslao Q. Vinzons Day celebration dito sa kapitolyo na dinaluhan ng mga mag-aaral ng Sunny Garden School for Kids ni dating SP Member Ed Freyra kasama ang kanyang mga guro at si Senior Board Member Jonah G. Pimentel.***




# EDITORYAL

## Pagsalaula sa kalikasan Epekto ngayo'y nararamdaman

Sobrang init, mahabang tagtuyot, delubyo, malalakas na bagyo, buhawi, pag-ulan ng yelo, matagalang pagbaha, *tsunami*, tumataas na *coastlines*, mga matitindi at kakaibang sakit at iba pang kalamidad - lahat nang ito, dulot ng pagsalaula ng tao sa kalikasan.

Kailan pa ba titigil ang laganap na pagputol ng kahoy, pagkakaingin sa mga kagubatan at kabundukan, walang habas na pagtatapon ng basura sa mga kanal, estero at iba pang daanan ng tubig, patuloy na pagsunog sa mga plastik, goma at *styrofor*?

Kailan tayo lahat kikilos? Magtatanim ng mga puno? Gagamit ng mga *energy-saving techniques* tulad ng pagbabawas sa paggamit ng mga *air-conditioning units* – sa bahay, sa mga sasakyan, sa mga tanggapan? Pagpatay ng ilaw, mga makina, mga *television*, *refrigerator*, kung hindi rin lang kailangan? Pag-iwas sa pagbuga ng mga maiitim na usok – sa mga pabrika, at mga sasakyan? Kailan tayo magse-*segregate* ng basura upang ang ating ilalabas lang ng bahay o ipamimigay, ay ang mga di-nabubulok lamang?

Kailan magiging seryoso ang pamahalaan sa pangangalaga sa kalikasan? Sa pagpapatupad ng mga batas laban sa mga mapaglapastangan dito?

Kailangang kumilos na po tayo – kung hindi sila - tayo, habang may panahon pa!

# Tree planting activity

## at Prov'l. Capitol Family Day isinagawa rito

Pinangunahan ng Pamahalaang Panlalawigan ang *tree planting activity* noong Setyembre 25, 2009 na isinagawa sa Brgy. Matogtoog sa bayan ng Mercedes kung saan aktibong lumahok sa pagtatanim ng mga puno ng *mahogany* ang mga opisyal at kawani mula sa pamahalaang panlalawigan at mga pambansang ahensya na nakabase sa lalawigan.

Ito ay bahagi pa rin ng 1-buwang selebrasyon dito ng ika-99 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas na may temang *"HONORING OUR HEROES IN REPUBLIC SERVICE: Responsive, Ethical Public Servants with Vision, Impact, Com-*

(Sundan sa pahina 9)










BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

**EDITORIAL BOARD:** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

**EDITORS:** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/design .

**REPORTERS:** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports– Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

**OFFICIAL PHOTOGRAPHER** – Luigi Martin P. Querubin.

**CIRCULATION** - Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O.—Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism - Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Deve-lopment Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

*Ang tree-planting activity at provincial capitol family day na isinagawa sa Brgy. Matotoog-toog, Mercedes na pinangasiwaan ng DENR-PENRO at EERMD ng kapitolyo. Ito ay nilahukan ng iba't-ibang ahensiya ng pamahalaang lokal at mga kawani ng ahensyang pangnasyonal. Samantala, isinagawa naman ang provincial capitol family day para sa team-building ng mga kawani ng kapitolyo.*

# Mga kawani ng pamahalaan nakiisa sa 'bloodletting activity'

## mga benepisyong pangkalusugan mula sa pagbibigay ng dugo

Ang pangangailangan ng tao sa dugo ay pandaigdigan at walang kinikilalang lahi, paniniwala, kultura at estado sa buhay. Hindi man natin hinihingi, nguni't sa isa/ilang bahagi ng ating buhay, maaaring dumating ang panahon na mangailangan tayo ng dugo para sa ating sarili, mga kaibigan, kapamilya, kakilala, kapitbahay o sinumang indibidwal.

Susog dito, ipinatupad sa bansa ang *Blood Program of the Philippines* alinsunod sa mga probisyon ng *National Blood Services Act of 1994* o mas kilala bilang *Republic Act 7719 (An Act Promoting Voluntary Blood Donation, Providing for an Adequate Supply of Safe Blood, Regulating Blood Banks. and Providing Penalties for Violations Thereof)*.

Bilang suporta rito, isinagawa ang isang *bloodletting activity* kung saan nakiisa at boluntaryong nagbigay ng dugo ang mga opisyal at kawani mula sa pamahalaang panlalawigan, mga sangay at ahensya ng pamahalaang nasyonal gayundin ang publiko. Ito ay pinangasiwaan nina *Provincial Health Officer Dr.* Arnulfo G. Salagoste, at *Philippine National Red Cross (PNRC)-Camarines Norte Chapter Head* Antonio R. España, tagapamuno at katuwang na tagapamuno ng *bloodletting activity*, ayon sa pagkakasunod.

Layunin nito na hindi lamang itampok ang 1-buwang selebrasyon dito ng ika-99 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ngayong Setyembre kundi makaipon ng dugo para sa *PNRC blood bank* para maibigay nito sa sinumang emerhensyang mangangailangan ng dugo. Layunin din nito na malawakang maipabatid sa publiko ang pandaigdigang mensahe ng *PNRC* na: *Once is not enough … Give blood regularly*.

Ang dugo ay isang napakahalagang likido. Ito ay mahalagang sangkap na ginagamit sa paggamot sa mga naaksidente; nakararanas ng iba't-ibang uri ng walang humpay na pagdurugo *(hemorrhage)*; nasunog/napaso *(burns)*; maputla ang dugo *(anemic)*; sasailalim sa *major operations*; pagdurugo pagkapanganak; mga maysakit na *leukemia, thalassemias, bleeding diathesis* at *hemolytic disease* ng mga bagong silang na sanggol.

Dapat nating tandaan na ang dugo ay walang pamalit o *substitute* sapagkat hindi ito puwedeng iprodyus sa anumang laboratoryo. Ang mga tao lamang ang maaaring magbigay ng dugo sa kanyang kapwa. Ang mga maysakit at sugatan ay maililigtas kung ikukunsidera ng bawa't malusog na tao na ang pagbibigay ng dugo ay isang personal na responsibilidad.

Ang pagbibigay ng dugo ay isang napakasimpleng proseso na tatagal lamang ng ilang minuto. Higit sa lahat, ang nagbigay/nagbibigay ng dugo ay magkakaroon ng *personal health check-up*, malalaman ang kanyang *blood type*, *hemoglobin* at *blood pressure*. Ang *bone marrow* nila ay magpoprodyus o gagawa ng mga bago at *active cells* na makatutulong para mas epektibong magtrabaho/gumana ang mga *blood forming organs*. Kung mas marami ang boluntaryong magbibigay ng dugo, maaabot ang suplay na dugo na kinakailangan. Ito ay isang bagay na makapagpapaganda sa pagtingin mo sa iyong sarili.

Samanatala, ang mga kwalipikadong magbigay ng kanilang dugo ay mga indibidwal na may edad 18 hanggang 65 taon (maaari ring magbigay ang may edad 16 at 17 taon basta may pahintulot ng magulang/tagapangalaga); may bigat na *at least* 110 *lbs.* o 50 kilos; may *hemoglobin level* na at *least 125 g/l* (hindi *anemic*); ang *pulse rate* ay mula 50 hanggang 100/pintig sa bawat 1 minuto; at ang *blood pressure* ay nasa pagitan ng: ***systolic*: 90-160 mmHg** at ***diastolic*: 60-100 mmHg**.









Ang mga sumusunod ang dapat gawin bago magbigay ng dugo: magkaroon ng sapat na pahinga at tulog; huwag uminom ng anumang gamot o inuming may alkohol 24 na oras bago ang nakatakdang pagbibigay ng dugo; kumain ng katamtamang dami ngunit iwasan ang mga mamantikang pagkain; panatilihing malusog ang katawan; at uminom ng maraming likido tulad ng tubig at *juices*.

Pagkatapos magbigay ng dugo, ipinapayong uminom sila ng maraming tubig at *juices*; iwasan ang pagyuko gayundin ang nakapapagod na mga aktibidad tulad ng pagbuhat ng mabibigat na bagay, pagmamaneho ng malaking sasakyan tulad ng bus, trak at pag-*operate* sa malalaking makina. Dapat din silang maglagay ng bigat sa tinurukang bahagi *(apply pressure on the punctured site)*.

Kung magkaroon ng pamamaga at pamumutla sa tinurukang bahagi, maglagay ng *cold compress* sa loob ng 24 oras na susundan ng *hot compress* para sa susunod na 24 oras. Kapag nakaramdam ng pagkahilo, humiga lamang na nakataas ang paa. Uminom ng maraming likido lalo na ang matatamis. Ito ay lilipas pagkaraan ng ilang minuto. ***LT IBASCO***

***Ang Blood-letting activity na isinagawa sa CN Agro Sports Center kung saan nagbigay ng kanilang dugo sa Philippine National Red Cross ang mga kawani mula sa ibat'-ibang ahensiya at lokal na pamahalaan. Ang aktibidad na ito ay bahagi pa rin ng Civil Service Month celebration at pinangasiwaan ng Provincial Health Office at Philippine National Red Cross.***

# Cellphones ibinigay ng EERMD sa 3 WEOs

## para paigtingin ang kampanya kontra iligal na pamumutol ng mga puno



Tinanggap ni Cecilio Babala, Jr., pangulo ng WEO ang cellphone unit na ipinagkaloob ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ni Engr. Leopoldo P. Badiola ng Ecosytem and Environmental Resource Management Divisions– Office of the Governor (EERMD-GO).

Binigyan kamakailan ng Pamahalaang Panlalawigan ang tatlong (3) grupo ng *Wildlife Enforcement Officers (WEOs)* ng tig-iisang *cellular phones* na may kamera para sa kanilang mas epektibong pangangalaga sa Abasig-Matogdon-Mananap Natural Biotic Area (AMMNBA) na matatagpuan sa mga bayan ng Labo, San Lorenzo Ruiz at San Vicente. Ito ay naipagkaloob sa kanila dahil sa inisyatibo ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division-Office of the Governor (EERMD-G.O.)* na pinamumunuan ni Engr. Leopoldo P. Badiola bilang *Supervising Environmental Management Specialist*.

Ang nasabing mga grupo ng *WEOs* ay nakatalaga sa kanilang bayan kung saan may nasasakop na bahagi ng *AMMNBA*. Ang unang grupo ay nasa Brgy. Tulay na Lupa, Labo; ang ikalawa ay nasa Brgy. Matacong, San Lorenzo Ruiz; samantalang ang pangatlong grupo naman ay nasa Brgy. Iraya Sur at Asdum sa bayan ng San Vicente.

Ang *cellphone* ng unang grupo ay tinanggap ni Cecilio O. Babala, Jr. Si Jose Sergio naman ang tumanggap nito para sa ikalawang grupo samantalang si Manuel Banila Jr. ang sa pangatlong grupo.

Layunin sa pagbibigay ng nasabing *cellphone* na mapabilis ng mga *WEOs* ang paghahatid sa *EERMD-GO* at iba pang kinauukulang tanggapan ng mga impormasyon tungkol sa mga kaganapan sa *AMMNBA*. Ito ay sa pamamagitan ng tawag o *text* lang kaugnay sa kanilang pagbabantay sa nabanggit na pinanga-ngalagaang lugar.

Sa pamamagitan ng paggamit ng *cellphone*, mabilis ding maipaaabot ang paghingi ng tulong o dagdag puwersa mula sa *Department of Envrionment and Natural Resources (DENR)* at iba't-ibang grupo ng *WEOs* para sa pag-aresto sa mga iligal na mamumutol ng puno gayundin ang pagkumpiska sa kanilang mga kagamitan at nilalagaring kahoy.

Ang ipinamamahaging mga *cellphones* ay gagamitin din sa pagkuha ng mga larawan ng nakumpiskang mga yamang-gubat na isa sa mga kailangan at mahalagang dokumento sa pagsasampa ng kaso laban sa mga nahuling lumabag sa *forestry laws.*

Matatandaan na kamakailan lamang, una nang pinagkalooban ng pamahalaang panlalawigan, sa pamamagitan din ng *EERMD-GO* ang mga *WEOs* ng *bust jacket*, bota at *flashlight* para sa kanilang pagpapatrolya sa loob ng *AMMNBA* at karatig na kagubatan upang masawata ang sinumang nais magsamantala at sumira sa nabanggit na pinangangalagaang lugar. ***(GCB)***

# Mga kawani, opisyal ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaan sumailalim sa VOW



**Edilberto C. Baraquiel**
**HRMO Chief**

Sumailalim sa 3-araw na *Values Orientation Workshop (VOW)* ang humigit-kumulang 40 opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan, *Department of Public Works and Highways (DPWH) at mga* pamahalaang lokal ng bayan ng Daet at Talisay. Isinagawa ito noong Setyembre 22-24, 2009 sa *Audio-Visual Production Center (AVPC), 3rd Floor Annex, Provincial Capitol, Daet*.

Ito ay magkatuwang na itinaguyod ng pamahalaang panlalawigan at ng *Civil Service Commission Field Office (CSC FO)* kaugnay pa rin sa selebrasyon dito ng ika-99 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas. Bilang pagtalima rin ito ng pamahalaang panlalawigan sa patakaran ng *Civil Service Commission (CSC)* na ang alinmang *accredited government agencies* ay kinakailangang magsagawa ng serye ng *VOW* para sa mga opisyal at kawani nito na nakapaglingkuran na ng 1 taon o higit pa.

Layunin ng naturang pagsasanay na maiangat ang kamalayan ng mga kawani ukol sa mga responsibilidad nila sa mga kapwa-kawani, sa publiko, sa tanggapang pinaglilingkuran, at sa pamahalaan sa kabuuan. Inaasahan din na sa pamamagitan nito, mas magiging maigting ang dedikasyon at katapatan ng mga opisyal at kawani sa paglilingkod sa pamahalaan at sa publiko.

Samantala, naging tagapagtalakay sa 3-araw na pagsasanay ang mga akreditadong *VOW trainors* na sina *Director* Lida Sherbet Ayon ng *CSC Field Office-Camarines Sur* at Ms. Catherine Camu-Pielago, *Personnel Management Specialist* ng *CSC FO-Daet*. Pangunahing tinalakay rito ang *Republic Act No. 6713* o *"Code of Conduct and Ethical Standards for Government Officials and Employees"*.

Kabilang sa mga paksang tinalakay sa *VOW* ang mga sumusunod: Kumustahan at Lakbayan; Malay Mo, Malay Ko at Sino Ako; Pakikipagtulungan; Hiwaga ng Buhay; Mangarap Tayo at Tinig ng Bayan; Sa Totoo Lang; *Public Service;* Ganoon Nga; Pagbubuo ng Karanasan; Luha at Ligaya; *Professionalism*; at Binhi. Isinagawa rin ang mga *workshops* sa pagitan ng mga pagtalakay kung saan binigyang-diin ang apat (4) na bahagi ng indibidwal na pagkatao ng bawa't kalahok: 1) kaalaman at kamalayan sa kasalukuyang kalagayan ng kapaligiran (pagka-kalikasan), 2) *one's personhood* (pagka-tao), 3) bilang isang lingkod-bayan (pagka-tagapaglingkod), at 4) bilang isang Pilipino (pagka-Pilipino).




Ang pagsasagawang muli ng Values Orientation Workshop o VOW para sa mga kawani ng pamahalaan bilang bahagi ng selebrasyon ng Civil Service Month dito sa Camarines Norte.

Inaasahan na sa pamamagitan ng naturang aktibidad ay mas nabigyang-linaw ang *individual values* ng bawa't kalahok at kung paano ito maiaangkop sa pananaw ng ibang tao upang mas maitaas ang antas ng paglilingkod nila sa kapwa at maging epektibong lingkod- bayan.

Una rito, nakipag-ugnayan muna si G. Edilberto C. Baraquiel, *Human Resource Management Officer IV, Governor's Office-Human Resource Management Division*, sa *CSC Regional Office* para sa pagsasagawa ng naturang 3-araw na pagsasanay rito. Samantala, si Baraquiel ay nasa ikawalong taon na ngayon ng kanyang termino bilang pangulo ng *Camarines Norte Provincial Personnel Officers (CNPPO)*. *LT IBASCO*

# Mga piling larawan



1


2



*1) Ang makabuluhang talakayan ng grupo ng "Institutional Development Sector" sa ginawang Issues/Problems, Goals & Objectives/Target Setting Workshop na pinangunahan ng DILG kasama si Kgd. Jonah Pimentel, National Government Agencies & Local Government Units. 2) Dumalo rin dito si Gob. Jesus O. Typoco, Jr. kasama ang kanyang bisitang si Al Tantay nang bumisita ito sa lalawigan. 3) Ang selebrasyon ng kapistahan ng Nuestra Señora de Peñafrancia sa Brgy. 8, Daet kung saan lumahok sina Gob. Jesus O. Typoco, Jr., Mayor Winnie Balce Oco ng Labo, Ex-Mayor Elmer Panotes at Ex-Vice Mayor Felix Abogado sa isinagawang prusisyon ng Mahal na Ina sa Downtown Daet patungo sa simbahan sa naturang barangay; 4) Sa ginanap na Barangay Night ng Brgy. Gahonon, tinanggap ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang Certificate of Appreciation mula sa mga Barangay Officials ng nabanggit na barangay sa pangunguna ni ABC President William Carlo Avila na siya ring Punong Barangay rito, bilang pasasalamat sa lahat ng mga tulong at proyekto sa kanilang barangay na ipinagkaloob ng gobernador, at malugod namang tinanggap ng gobernador ang sertipiko at agad na nagpaabot ng kaniyang pasasalamat sa patuloy nilang suporta sa kaniyang administrasyon.*

3



4


# Oratorical Contest isinagawa sa pagdiriwang ng Vinzon's Day



**Mayor Oliver R. Ferrer**
**Vinzons, Camarines Norte**

Isinagawa ng Pamahalaang Bayan ng Vinzons ang *oratorical contest* noong Setyembre 25, 2005 sa ganap na ika-2 n.h. sa Gabaldon *Building* ng Vinzons *Pilot Elementary School (VPES)* ng nabanggit na bayan. Ito ay kaugnay sa selebrasyon ng ika-99 taong anibersaryo ng kapanganakan ni Gat Wenceslao 'Bintao' Q. Vinzons na nakatuon sa temang "BINTAO at ang Kanyang Paninindigan, Gawing Huwaran".

Nilahukan ito ng may 12 mag-aaral mula sa mga pribado at pampublikong paaaralang sekondarya sa lalawigan kung saan ang unang puwesto ay naiuwi ni Bernard Quintin Jr. ng San Lorenzo Ruiz *National High School (SLRNHS)* ng bayan ng San Lorenzo Ruiz. Pumangalawa sa patimpalak si Jesselle Hernandez ng Vinzons *Pilot High School (VPHS)* at pumangatlo naman si Frank Roland Rin ng Manguisoc *National High School (MNHS)* ng bayan ng Mercedes.

Narito ang iba pang kalahok na nakalista ayon sa kanilang ranggong mula sa ika-4 hanggang ika-12 gayundin ang kinakatawan nilang paaralan at bayan: Mike Jhune Amparo, Rizal *National High School*, Sta. Elena; Eunice Castillo, D.Q. Liwag *National High School*, Vinzons; Benjie Ilagan, La Consolacion College of Daet (LCCD), Daet; Analyn Olit, Capalonga *Parochial School*, Capalonga; Danica Escultura, Pambuhan *National High School*, Mercedes; Jayvelyn Lopez, Vicente Basit *Memorial High School*, Daet; Mesha Lynn Ybarola, Jose Panganiban *National High School*, Jose Panganiban; Rojan Roi Calleja, Batobalani *National High Schoo, Paracalel*; at Francia Limpiado, *St. Francis Parochial School*, Talisay.

Ang pagpili sa mga nanalo ay pinangasiwaan ng grupo ng inampalan na pinamunuan ni Museum Curator I Abel I. Icatlo ng MASCD-GO kasama ang mga miyembrong sina CAO IV Purita P. Briñas ng CAO_GO at Gng. Purita G. Pimentel.

Taun-taong itinataguyod ng administrasyon ni Mayor Oliver R. Ferrer ng Vinzons ang naturang patimpalak bilang pagkilala sa kabayanihan ni 'Bintao' na itinuturing na isa rin sa pinakamahusay na mananalumpati sa kanyang panahon. Ito ay sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan ng tanggapan ni *MPDC* Rizalino Juan Jr. sa mga kinauukulang opisyal at tanggapan.

Dahil sa pagiging mahusay na mananalumpati ni 'Bintao', nakilala siya sa *University of the Philippines (UP)* kung saan nahalal siya bilang pangulo ng mga estudyante at punong patnugot ng *Philippine Collegian* sa naturang kolehiyo kung saan nagtapos siya ng kursong abugasya. ***LT IBASCO***



*1) Si Bernard Quintin Jr. ng San Lorenzo Ruiz National High School (SLRNHS) ng San Lorenzo Ruiz na nagkamit ng Unang Gantimpala sa ginanap na Oratorical Contest sa Vinzons Pilot Elementary School kaugnay ng ika-99 taong anibersaryo ng kapanganakan ni Gat Wenceslao Q. Vinzons, na may temang: "BINTAO at ang kanyang Paninindigan, Gawing Huwaran". 2) Pumangalawa sa patimpalak si Jesselle Hernandez ng Vinzons Pilot High School (VPHS) na katabi sa larawan ang dalawa sa Lupon ng Inampalan na sina CAO IV Purita P. Briñas ng Governor's Office, at Gng. Purita G. Pimentel. 3) Pumangatlo naman dito si Frank Roland Rin ng Manguisoc National High School (MNHS) ng bayan ng Mercedes.*

# Buwan ng Serbisyo Sibil...

*(Mula sa pahina 10)*

ganap na ika-4 n.h. sa *front lobby* ng *Provincial Capitol*. Sinundan ito ng parada ng sulo *(torch parade)* na nilahukan ng mga mataaas na opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan gayundin ang mga ahensya at tanggapang nasyonal, korporasyong pag-aari at kontrolado ng pamahalaan, at mga pamantasan at kolehiyong pang-estado dito sa Camarines Norte. Simula sa *Provincial Capitol grounds*, binaybay ng grupo ang *downtown* Daet at saka bumalik sa Kapitolyo.

Pormal namang sinimulan noong Setyembre 2, 2009 sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)* ang *inter-agency sports fest competition* na nilahukan ng iba't-ibang ahensya ng pamahalaan. Ang mga kalahok ay naglabanlaban sa larangan ng basketbol, *volleyball (women), billiard, dart (men/women) table tennis (men/women)* at *chess.* Natapos ang naturang taunang kumpetisyon noong Setyembre 25, 2009 kung saan nagkampeon sa basketbol ang koponan ng *Office of the Governor (G.O.); volleyball (women)-Camarines Norte State college (CNSC); billiard*-Roberto Encinas, *LGU Labo; dart (men/women)*-Wilson Narvasa, *National Irrigation Administration (NIA),* at Francia Carillo, *OPAg-PGO; table tennis (men/women)*-Rondell Pandi *(PEO-PGO)* at Khe Conchada, *Department of Agrarian Reform (DAR);* at *chess*-Alfredo Quibral, *PEO-PGO.*

Noon namang Setyembre 8, nagsagawa ng *Outreach Activities* ang *Camarines Norte Council of Personnel Officers (CNCPO)* sa pangunguna ng pangulo nito na si *Human Resource Management Officer IV* Edilberto C. Baraquiel ng *Human Resource Management Division* ng *Office of the Governor*. Ang grupo ay nagsagawa ng *feeding program* para sa may 60 *special children* na estudyante ng *Daet Elementary School.* Ito ay sa pakikipag-ugnayan sa *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO).*

Ang mga nabanggit na aktibidad ay isinagawa alinsunod sa Atas Tagapagpaganap Blg. 2009-15 na ipinalabas ng tanggapan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. kabilang ang mga sumusunod na gawain na pinangasiwaan ng mga kaukulang komitiba: Setyembre 8 at 9 - *two (2) batches of Healthy Lifestyle to the MAX* at *Nutritional Health Risk Assessment;* Set. 10 - *CSC Updates/ Public Unionism with CSC Provincial Director* Elizabeth B. Mateo; Set. 22-24 - *Values Orientation Workshop (VOW)*; Set. 24 - *Bloodletting Activity*; Set. 25 - *Tree Planting and Family Day* (Brgy. Matoogtoog, Mercedes). Samantala, isinagawa naman noong Set. 16-18 ang *Government Service Goes to the Mall* kung saan isinagawa sa huling araw ang *Quiz Bee* na nilahukan ng mga kinatawan mula sa mga tanggapan at ahensyang lumahok sa naturang 3-araw na gawain.

Ang *Closing and Awarding Ceremony* naman ng *Civil Service Month Celebration* dito ay isasagawa sa Oktubre 7, 2009, ika-2:00 n.h. sa *CNASCC, Provincial Capitol, Daet*. Inanyayahan dito na maging panauhing pandangal at tagapagsalita si *Director* Cecilia R. Nieto, *Director IV, CSC Regional Office V*. ***LT IBASCO***

# List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| (1 Casual) 1 Driver 1 | | 3 | | 1 | PGCN | Elementary School Graduate | None required | None required | Driver License | |

***SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV***

# Justice on Wheels...

*(Continued from page 1)*

wang bahagi: 1. lugar sa pagdinig ng kaso; at 2) *mediation room.*

Isinasagawa sa tuwinang paglulunsad ng *Justice on Wheels (JoW)* ang pagsasaayos o pagdinig sa kaso, libreng serbisyo legal, pagbibigay-impormasyon ukol sa programa, pakikipagtalastasan sa punong mahistrado tungkol sa mga isyu at bagay-bagay na may kinalaman sa sistema ng hustisya sa ating bansa at sa bandang huli ay magkakaroon ng resolusyon ang matatagal nang mga kaso.

Sa ngayon meron nang limang sasakyan ang JoW na umiikot sa buong bansa na layuning mailapit ang serbisyong ligal sa mga mamamayan lalo na sa mga mahihirap na walang maibayad sa mga abugado.

Ang ating bansa ay may mahigit na isang libong kulungan bukod pa ang 23 kulungang ginagwardyahan ng BJMP sa Metro Manila. Ang mga *detainee* ay mahigit sa 60,000 at karamihan sa ating mga kulungan ay nagsisikipan.

Napakasuwerte natin dito sa lalawigan ng Camarines Norte dahil sa panahong ito ay maluwag na maluwag na ang *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ).* Buhat sa kulang-kulang na 500 preso noong 2007, ito ay naging 319 nitong 2008 at sa ngayon ay 278 na lamang.

Ang pagluwag ng kulungan ay sanhi ng puspusang pagtatrabaho, pagtutulungan at pagsisikap ng mga hukom sa pamumuno ni Hukom Ariel A. Dating *Executive Judge* at *Presiding Officer, RTC Branch 41*; *Fiscal* Oscar Villafuerte, *Atty.* Nilo Boado at *Atty.* Cornelio Roll ng *Public Attorney's Office (PAO).* Ang libreng serbisyong-ligal din ng mga kasapi ng *Integrated Bar of the Philippines Camarines Norte Chapter (IBP-CN)* ay napakahalaga rin kung kaya ang pagdinig ng mga kaso rito sa lalawigan ngayon ay sadyang sumusulong sa itinatadhana ng repormang panghustisya ng Korte Suprema sa pamumuno ng Kagalang-galang na Punong Mahistrado Reynato S. Puno.

Kung ating matatandaaan, mula 2007 hanggang ngayon ang JoW ay matagumpay na dininig ang 1,653 kaso at lumaya ang mga nasasakdal. Gayundin naayos ang 5,409 kaso sa pamamagitan ng paguusap o mediyesyon. Ang mga kasong ito ay nagmula pa sa Bulacan, Cavite, Rizal, Cebu, Davao, Aklan, Saranggani, Metro Manila at nitong huli sa Albay.

Naitala ng JOW ang 97% *success rate* noong 2007; 85% nitong 2008 at ngayong 2009 ay inaaasahang tataas pa ang tagumpay na nakamit ng programang pangreporma ng Korte Suprema na buong kisig na isinusulong ng Punong Mahistrado at dito sa Camarines Norte ay sa pakikipagtulungan ng pamunuang panlalawigan na ngayon ay buong pusong iniaalay ni Gobernador Jesus O. Typoc, Jr. sa kanyang mga kababayan lalo't higit sa mga pamilya ng nakakulong na preso.

Malaki ang kontribusyon ng programang ito sa mga gawain ng ating pamahalaan - probinsyal man o pambayan. Ang *JoW* ay nagbibigay pag-asa tungo sa pagbabago ng ilan nating mga kababayan. At sa kanilang paglabas sa piitan ay natututo silang magbago ng pag-uugali, pananaw sa buhay at pagbawi sa mga nasayang na panahong inilagi nila sa loob ng kulungan. Kung kaya hindi na sila magiging bahagi ng problemang pangkapayapaan at kaayusan ng pamayanan. Ang pagsisikap nila ay makatutulong sa pagunlad ng lipunan at sa bandang huli ay magkakaroon tayo ng masisinop, masisikap at gumagalang sa batas na mga mamamayan na siyang susi sa kaunlaran ng lalawigan.

Ito ang kaunaunahang pagkakataon na nakapaglunsad dito sa lalawigan ng Camarines Norte ng Justice on Wheels. At inaasahan natin na ang mga pinuno ng barangay at ng mga bayan ay magkaroon na ng tanggapang pangkonsilyasyon sa kani-kanilang barangay at bayan upang ang mga kaso sa hukuman ay hindi na dumami pa at maiwasan din ang pagdaragdag ng mga taong makukulong, mga taong masasayang ang panahon sa loob ng piitan, magdudulot ng siphayo sa kani-kanilang mga mahal sa buhay, sa ganun ay maisusulong ang layunin ng *Prison Deterrence Education Program* ng Provincial Jail.

Samantala, iniulat naman ni *Ret. Col.* Ramon P. Dominguez Sr. kay Hon. Arniel A. Dating, Executive Judge and Presiding Officer, RTC Branch 41 na sa pagdalaw dito ng JoW kamakailan, 6 na inmates dito ang napalaya. Maliban dito isang (1) *inmate* ang sumailalim sa *mediation*; 3 *inmates* ang sumailalim sa *arraignment;* 5 *inmates* ang na-*reset* ang pagdinig sa kaso at 1 *inmate* ang sumailalim sa *trial*. Nabigyan din dito ng *IBP* ng libreng serbisyong-ligal ang may 25 katao habang 254 katao naman ang nakinabang sa *information dissemination activity.*

Kasama ring iniulat ni *Col.* Dominguez *(Ret.)* na sa isinagawang *medical* at *dental mission* sa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ),* 93 detenido ang nabigyan ng libreng serbisyong-medikal at 25 naman ang nabigyan ng libreng *dental services.* ***-COL. RAMON P. DOMINGUEZ SR. (Ret)***

# Tree planting...

*(Mula sa pahina 4)*

*mitment and Excellence".*

Matapos ito, nagtungo naman ang mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan sa San Miguel *Bay Resort* para sa *Provincial Capitol Family Day Fellowship/Celebration*.

Pinaunlakan din ng ilang pambansang ahensya ang imbitasyon ng pamahalaang panlalawigan na makiisa sila sa naturang okasyon. Dito sila pansamantalang nakapagpahinga mula sa pang-araw-araw na trabaho at ginugol ang panahon sa pagkukuwentuhan, kantahan at paliligo sa dagat sa kabila ng pabugsubugsong pag-ulan.

Masaya ring nakiisa ang karamihan sa mga *parlor games* na inihanda at pinangasiwaan ng *Provincial Planning and Devt. Office (PPDO)* at *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO).*

Bilang karagdagan, ang transportasyon ng mga kalahok patungo at pabalik sa Brgy. Matoogtoog, Mercedes ay pinangasiwaan ng *General Services Office (GSO)* at *Provincial Engineer's Office (PEO)*. Inihanda naman ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division-Office of the Governor (EERMD-G.O.)* ang lugar -taniman at mga pantanim na punla ng *mahogany*.

Matatandaan na ang pagtatanim ng mga puno ay taun-taong isinasagawa bilang pakikiisa ng mga opisyal at kawani sa pambansa at pandaigdigang pagkilos para sa pagpanumbalik ng luntiang kapaligiran. Sinisipsip ng mga puno ang nakalalasong *carbon dioxide* sa hangin na ating nilalanghap at inilalabas ng puno bilang *oxygen*. Nakatutulong din ang mga puno sa pag-*prevent* ng baha dahil sinisipsip ng mga ugat nito ang tubig. Mahalaga rin ang mga puno dahil ang mga ugat nito ang humahadlang sa pagguho ng mga lupa at pagragasa ng mga putik sa mababang lugar.

Kaugnay nito, patuloy na pinaiigting ng pamahalaang panlalawigan ang kampanya para sa pagtatanim ng mga puno sa buong lalawigan gayundin ang pagbabantay sa mga indibidwal at grupo na iligal na nagkakaingin at walang habas na pumuputol ng mga punungkahoy sa mga kabundukan dito. ***LT IBASCO***

# Government Express ...

*(Mula sa pahina 10)*

dagan ang bisibilidad *(visibility)* ng pamahalaan, at ipakita sa publiko na ang iba't-ibang sangay ng pamahalaan ay may kakayahang magbigay ng mabilis at agarang serbisyo.

Kaugnay nito, ang mga ahensya ng pamahalaan dito sa Lalawigan ng Camarines Norte ay nagtayo ng kani-kaniyang kubol *(booths)* sa *Central Plaza Mall* at naghatid ng mabilis na serbisyo *(express service)* sa pamamagitan ng halinhinang iskedyul ng mga kawani. Nagsilbi itong *one-stop-shop* ng *frontline services* ng iba't-ibang ahensya at tanggapan ng gobyerno, maging lokal o nasyonal man.

Ang mga nagtungo sa *mall (malling public)* na kumuha ng *business permits, licenses, verifications*, at iba pa ay natapos ang kanilang transaksyon sa maikling panahon lamang. Naging tila *action center din* ang ilang *booths* kung saan ang mga katanungan, reklamo, puna, at opinyon ng publiko patungkol sa mga opisyal at kawani o tanggapan man ng pamahalaan ay isinaalang-alang at mabilis na inaksyunan. Naging *information center* din ang ilang ahensya at tanggapan na ipinaalam ang kanilang mga pinakamahahalagang mga programa at mandato.

Samantala, nagkaloob din ng serbisyo ang iba pang ahensya tulad ng *National Statistics Office (NSO), Social Security Ssystem (SSS), PhilHealth, Provincial Health Office (PHO), Office of the Provincial Agriculturist (OPAg), Provincial Veterinary Office (PROVET), Parole and Probation Office (PPO), Camarines Norte Water District (CNWD), Bureau of Fire Protection (BFP), Department of Public Works and Highways (DPWH), Bureau of Equipment,* at ilang pamahalaang lokal.

Sa pakikipagugnayan ni *PESO Manager* Nida N. Tosoc sa *Department of Labor and Employment (DOLE) at National Bureau of Investigation Regional Office 5,* isinagawa rito ang *Job Placement for Job Seekers* at *processing* ng *NBI clearance.*

Kaugnay nito, nagaplay ang ating mga kababayan para sa *local employment* bilang mga: *accounting staff, sales agents, sales supervisors, IT specialists, branch secretaries, senior van salesman, call center agents, credit counselor* at *team leader*. Natanggap din para sa *overseas employment* ang ilang nag-aplay bilang mga *skilled workers, welders, engineers, nurses* at *domestic helpers*.

Upang makaiwas naman ang karamihan mula sa mga *manlolokong illegal recruiters*, tinalakay ang mga mahahalagang *OWWA programs* at *projects* para sa mga *OFWs*.

Nakatipid naman sa panahon at pera ang ating mga kababayang kumuha ng *NBI clearance* sapagkat hindi na sila pumunta pa sa *NBI RO5* sa *Legazpi City* para kumuha nito.

Bilang suporta sa *Government Express Goes to the* Mall, ipinalabas nito ang isang kaatasan para sa kaalaman at angkop na pagkilos ng mga kinauukulang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan. ***LT IBASCO***



Gob. Jesus "Atoy" Typoco, Jr.

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 9, BLG. 3 DAET, CAMARINES NORTE SETYEMBRE, 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

Simple ngunit makabuluhan ang mga programa at aktibidad na isinagawa kaugnay sa *2009 Civil Service Month Celebration* ngayong Setyembre na may temang *"HONORING OUR HEROES IN REPUBLIC SERVICE: Responsive, Ethical Public Servants with Vision, Impact, Commitment and Excellence"*.

Ang 1-buwang selebrasyon dito ay sinimulan sa pamamagitan ng isang banal na misa noong Setyembre 1 sa

(Sundan sa pahina 8)

# Buwan ng Serbisyo Sibil ipinagdiwang sa lalawigan









***Ang Pagbubukas ng Civil Sevice Month celebration dito sa lalawigan. Pinasimulan ito sa pamamagitan ng isang Banal na Misa na pinangasiwaan ni Rev Fr. Jose Julian. Sinundan ito ng isang maikling opening program kung saan nagbigay ng mensahe si Civil Service Field Office Provincial Director Elizabeth Mateo at SP Member Jonah G. Pimentel na kinatawan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. Sumunod naman kaagad dito ang Torch Parade na nilahukan ng mga kawani mula sa iba't-ibang ahensiya at lokal na pamahalaan dito sa lalawigan .***

# Government Express goes to the Mall

Ang 3-araw na *"Government Express Goes to the Mall"* ay isinagawa noong Setyembre 16-18, 2009 sa *Central Plaza Mall*, Brgy. Lag-on, Daet, Camarines Norte bilang bahagi ng 1-buwang selebrasyon dito ng ika-109 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas.

Ito ay pangkalahatang pinangasiwaan ng *Civil Service Commission Camarines Norte Field Office (CSC CNFO)* na pinamumunuan ni Ms. Elizabeth B. Mateo, *Director II.*

Layunin nito na ang iba't-ibang serbisyong ipinagkakaloob ng pamahalaan ay dalhin sa lugar na popular at madalas puntahan ng mga mamamayan. Nais din ng programa na madag-

(Sundan sa pahina 9)





*Ang Quiz Bee Contest sa pagtatapos ng 3-day activities ng "Government Express Goes to the Mall" kung saan naiuwi ng NSO ang unang gantimpala habang nakuha naman ng PHO ang ikalawa at ikatlong gantimpala.*